

# PROLOGUE

“Sa lahat ng ayoko, eh, ’yung mga lalaking hindi nag-iisip. ’Yung mahihina ang utak.” Iyan ang motto ni Rachel Osorde sa buhay—Rachel O for short.

Ayaw niya sa mga lalaking slow at dense. Sa pamilya nila, mortal na kasalanan ang magkaroon ng mababang IQ. Kaya ever since mag-aral, ang dumami lang nang dumami sa buhay ni Rachel O ay awards at certificates for academic recognition. Pero ang love life niya, nanatiling zero.

Dahil sa kaka-accelerate sa school, noong mag-sixteen siya, an age where young girls would go on dates, have fun and explore the excitement of puppy love, si Rachel O ay nakasubsob sa mga libro, pa-graduate na sa college at naghahanda na para sa pagpasok niya sa masteral program. Habang nagkaka-boyfriend na ang mga pinsan niya at kakilala, libro, test booklets at reviewers ang ka-holding hands ng dalaga.

Hindi rin nakatulong sa love life ni Rachel O ang pakikipag-date. Pero dahil sa pagpipilit ng mga pinsan at kaibigan niya, ilang beses din niya iyong sinubukan. At pinagsisihan.

Date Mistake #1: Makukulit na ka-date. Lagi na lang nagtatanong ang mga ka-date ni Rachel O kung okay ba siya, kung gusto niya iyong food, etc.

Obvious naman, di ba? Kung hindi siya okay, sinabi na niya. At kung hindi niya gusto iyong pagkain, bakit pa niya oorderin? Heto na nga't malapit na niyang maubos, di ba? Hindi pa ba sagot iyon?

Date Mistake #2: Baduy o obnoxious na humor ng mga ka-date. *Hello? Konting effort, konting gamit naman ng brain cells!* Feeling ni Rachel O, makakalbo na siya kapag nakarinig pa siya ng isa pang baduy na hirit mula sa mga ka-blind date.

### Baduy Humor Sample

Guy #1: Haha, sorry, nagkamali. Tao lang.

Rachel O: (Thinking to herself: Nagkamali lang, tao na agad?)

### Obnoxious Humor Sample

Guy #2: Haha, hindi mo kilala si [insert name of comic super hero/anime character/sikat na *Hollywood* star here]? Wala ba kayong TV? (Ang subtext nito

kay Rachel: Ang hirap n'yo naman, wala kayong TV.)

Rachel O: Ah, wala, eh. (Ang iniisip talaga ni Rachel: Sorry, sina Hitler, Saddam Hussein, Dr. Mengele at iba pang experts sa torture lang ang kilala ko. Gusto mong i-demonstrate ko sa 'yo?)

Date Mistake #3: Movie Date Disaster also known as the situation when a possible suitor would request na manood ng sine on the first date. Hindi ba nila alam na hindi conducive ang sinehan para makapag-usap ang dalawang taong noon lang nagkakilala? Bakit sila magyayaya roon? Instead of talking to each other, you spend time watching a film. Wasted chance na agad iyon.

Ang tingin ba nila, dahil magkatabi kayo sa isang madilim na lugar, close na agad kayo? May nabubuo bang bond sa mga neurons ninyo, sa utak ninyo, sa loob ng sinehan? O baka dahil exciting for a guy to get a girl alone (technically, alone kayo sa date, pero marami kayong kasama sa sinehan) on a first date, in a dark place and you're only inches away from each other?

Pervert. Manyakis. Bastos.

So, anyone na magyaya ng movie on the first date, swift and instant ang rejection niya. Tuloy, at

the end of the day, kahit may mga nagyayaya man kay Rachel O na makipag-date, laging walang nakakapasa sa kanyang standards. Pero never mind. Hindi siya bothered.

Mabuti nang mag-isa kaysa magtiis na may kasamang... peste.

---

Since dere-derecho ang pag-accelerate ni Rachel O sa school, wala rin siyang classmates na kasing-edad niya. Ang tanging mga naging kaibigan niya ay mga anak din ng mga kapit-bahay nila: sina Abby Marie at Mary Lou.

Magkakasama silang lumaki. Si Abby, chubby at tsinita. Si Lulu, matangkad at mestiza. At si Rachel O?

Tama lang ang laki ng mga mata ni Rachel O pero malamlam ang mga iyon at expressive. Tama lang ang tangos ng ilong. A full lower lip. Baby cheekbones. Matambok na puwet, or as Abby once put it, puwedeng ipanlaban sa ASSet ng Latina dancer and singer na si J. Lo.

Sa kanilang tatlo, si Rachel O lang din ang may kulay ng tunay na Filipina. Kayumanggi. Morena.

Pareho sila ni Lulu na mataas ang grades. Si Lulu

lang, ayaw magpa-accelerate. Para ma-enjoy raw nito ang school life. Paano naman, sa taas na 5'7" na naging 5'9" (na ngayon ay 5'11" na), talagang accelerated na ang pagtangkad ng kaibigan. Pati ba naman daw sa buhay, magpapa-accelerate pa ito?

Kung si Lulu, masipag mag-aral, si Abby naman tamad. Chill lang ang mga magulang ni Abby. Kaya pati anak nila, namana iyon. Kahit may exam, hindi ito nag-aaral. *Pop quiz? Chill. Finals? Chill. Incomplete grade? Chill.*

At kung pumasok man, hindi rin ito mahilig mag-recite sa classroom discussions. Mas madalas ka pang makakakita ng kabuteng pabigla-biglang susulpot sa *Sunken Garden* kaysa makita si Abby na nasa harap at nagre-recite. Pero dahil sa kung anong himala, hiwaga o salamangka sa buhay, nakakapasa pa rin ito.

Si Lulu lang, kahit A-student, panay naman ang pasama kay Rachel O na mag-shopping at bumili ng mga wet wipes—'yung mga basang tissue na handy ipunas sa mukha tuwing mainit—sa Divisoria. Mura lang kasi roon per pack.

Kaya dahil sa dalawang kaibigan, maraming beses na napapaliban sa klase si Rachel O. Buti na lang at hindi nagbabago ang grades niya kaya tuloy lang ang ligaya hanggang mag-graduate sila.

Sina Abby at Lulu rin ang nagsimulang tumawag sa kanya ng Rachel O, palayaw niya since mga bata pa sila.

Dahil likas na tamad, 'O' lang ang tawag sa kanya ni Abby, galing sa apelyido niyang Osorde.

At kahit may katamaran din sa katawan (matagal nang suspetsa ni Rachel O na ginagamit lang ni Lulu na excuse ang pagbili ng wet wipes sa Divisoria para pasimpleng makaliban sa klase dahil ayaw nitong masabihan na tinatamad pumasok). Hindi ito kasing-tamad ni Abby, kaya mas mahaba ang tawag ni Lulu sa kanya: Rachel.

Para makapag-compromise ang dalawang kaibigan, nauwi sila sa Rachel O na palayaw. Kaya nagkasundo silang tatlo na iyon na ang itawag sa kanya: Rachel O.

# 1

## *LORENZO GROUP OF COMPANIES*

### HEAD OFFICE

Pumasok si Jacobo Matteo I. Lorenzo sa lobby ng building. Kasunod niya ang kanyang newly-hired assistant na si Billie.

Impressive ang hitsura ng mag-amo. Matangkad sila pareho. 6'1" ang taas ni Jacobo. Si Billie naman ay 5'9" pero dahil sa suot na high heels, halos magkasing-taas na rin sila.

Naka-maroon polo at black business jacket at slacks si Jacobo. Si Billie ay naka-gray pencil skirt at puting blouse.

Lingid sa kaalaman ng marami, magpinsang-buo sina Jacobo at Belinda. Belinda Corazon Lorenzo. O Billie, for short.

First day on the job ni Billie. She wanted to learn valuable work experience and who better to give her that than her cousin? After all, Jacobo had been running the company for years.

Although lately, worried na ang buong pamilya nila kay Jacobo. Ever since namatay sa aksidente ang best friend nito noong nakaraang taon, nagbago na si Jacobo. He still worked hard and played hard, tulad ng dati. Pero mas ilag na ito sa mga tao ngayon. He seemed indifferent somehow; developing a devil-may-care attitude na dati ay wala.

Jacobo had always been the life of the party. Charming, loyal, palabiro. Kaya kahit competitive ito he never backed down from a dare or a challenge kahit noong mga bata pa sila—ito pa rin ang pinakamalapit sa loob ni Billie sa lahat ng mga pinsan niya.

Pero, the last few months, parang nawalan ito ng gana, parang nawalan ng pakialam sa mundo.

Kaya here she was, trying to take on assistant duties para sa pinsan niya. And maybe, para makumbinsi itong mag-relax muna. Or better, if possible, na magbakasyon. Gusto ng buong family na magpahinga muna si Jacobo—a few weeks, maybe even a month or two.

Pero ang idea ni Jacobo ngayon ng break ay mga weekend dates kasama ng iba-ibang flavor of the month nito. Pagkatapos, balik-subsob sa trabaho, which was not good for his health at all.

Halata ang pagod sa mga mata ng lalaki. He was running himself to the ground. And that had to stop.

Hindi naman sila nanghihimasok, pero bilang pamilya nito, gusto nilang maging masaya uli si Jacobo. Naalala ni Billie noong mga bata pa sila, pilyo si Jacobo. Prankster. Mahilig magbiro. And he was always playing tricks on her and the rest of their cousins. He was always happy.

*Now he looks... sad and haunted,* isip ni Billie.

No surprise there. Close ito kay Ralph, best friend nito since college. Kaya alam nilang dinibdib ni Jacobo ang pagkawala ng kaibigan.

Pero, like all Lorenzos, stubborn ang pinsan niya. Ayaw nitong humihingi ng tulong sa iba o magpakita man lang ng kahinaan ng loob. Kaya hindi tuloy alam ng buong pamilya nila kung paano ito tutulungang maka-move on dahil sa nangyari.

“Billie, are you spacing out on me?” Saka lang napansin ni Billie na may sinasabi pala ito sa kanya.

“Sorry. May naisip lang ako. Shall we go?” nakangiting tanong niya. Sandali siyang tinitigan ni Jacobo bago ito tumango at dumerecho sa private elevators. Huminga nang malalim si Billie bago sumunod dito.

Kung susuriing mabuti, halata ang similarities sa features nina Billie at Jacobo, sa kanilang mukha na parehong oval ang shape, sa hugis ng labi na full at sexy, sa tangos ng kanilang ilong, sa tsinita at tsinito na mga mata. Pero kung maputi si Billie, si Jacobo ay golden brown ang balat. Bronze.

“Are we ready for them?” tanong ni Jacobo kay Billie habang naglalakad patungo sa Office of the CEO.

“Yes, the slides are ready, *Sir*,” ani Billie, sabay ngiti.

Napatingin si Jacobo sa pinsan at napangiti rin. “I think you’re enjoying this.”

“You bet. Parang undercover secretary lang ang dating.”

Jacobo had decided that it would be better for Billie na makisalamuha sa mga employees, maging sa management, bilang kapwa empleyado. It was a test. To show everyone what Billie was made of. It didn’t matter kahit babae pa ito. She would have to work her way to the top, tulad ng iba. Tulad din ng ginawa niya.

*It's the best training for her, and she seems ready for it,* isip ni Jacobo pagkatapos sumulyap sa pinsan.

*But are you?* balik-tanong ng utak niya.

*And why shouldn't I be ready?* tanong ni Jacobo sa sarili.

*Isn't it too soon?*

*It's soon enough. It's been a year. I'm fine.*

Upon reaching the door to the CEO's office, nagulat siya nang maramdamang hinihila ni Billie ang kanyang braso.

"Are you sure, Jacobo?"

"Sigurado ako, Billie. Don't worry about me," sabi niya. He smiled to ease the tension. Pero hindi umimik ang pinsan. "Are you asking on behalf of the family? Sinabihan ka ba nila Mama o ni Tita na i-interrogate ako?" usisa ng binata.

Billie gave a short nod.

Jacobó shook his head. "I'm fine, Billie. I'll take a break, soon. I promise."

"We want you to be more than fine. We want you happy," sabi nito.

Doon siya napangiti. “I like my life. I have a family I love—kahit pain in the ass kayo sometimes,” Jacobo said, shaking his head when Billie only continued to look at him.

Pareho nilang alam na hindi sinagot ng binata ang tanong ng babae kung masaya siya o hindi.

“I have my own way of dealing with things. And right now, one of those things is the yearly management meeting. Kaya halika na. Baka pagdating natin sa conference room, Christmas Party na lang abutan natin,” ani Jacobo. He opened the door and walked into the CEO’s office.

Walang nagawa si Billie kundi sumunod.

---

Nahahati sa tatlong bahagi ang CEO’s office.

Una ang secretary’s office, na pinasukan nina Jacobo at Billie. Pangalawa ang main office, na siyang pupuntahan nila. At pangatlo, ang executive conference room—doon gaganapin ang general meeting. The only way to get to the main office was through the secretary’s office or through the executive conference room.

Pagpasok ng main office, nagsimula na agad

silang ni Billie na maghanda para sa general meeting ng managerial teams ng kompanya, lalo at may mga bagong promote sila na employees within the last six months.

May narinig si Jacobo na mga nag-uusap. So, *may mga early birds for the meeting.*

And since the door was only partly closed, dinig nilang dalawa ang mga boses na galing sa conference room. Hindi iyon pinansin ni Billie habang half-hearted naman na nakinig siya.

“Know the latest on the new hotshot CEO?” tanong ng isa. Halata ang excitement sa boses nito.

“Itong si J. Lorenzo? Bakit? Ano na nama’ng alam mo?”

“They call him the playboy CEO,” sagot ng unang boses.

“They? Di ba kayo-kayo lang ‘yan? ”Tsaka, playboy CEO? Parang gossip magazine lang ang dating, ah.” Halata ang indifference at kawalang-interes sa tono ng pangalawang boses.

“Ang secretarial pool ang nag-iisip ng mga nicknames! Para siya ’yung CEO from the *Del Lupo Conglomerate*? ’Yung nagpakasal? Si Nick del Lupo?”

“Talaga? He got married? Hindi ba notorious playboy ’yun?”

“Oh, yeah. To his secretary,” kuwento pa ng kausap na halatang manghang-mangha sa nangyari.

“Wow, updated, ha,” sagot ng pangalawang boses.

Tumawa ang una. “Nagkuk’wentahan ang mga secretaries tuwing lunch, eh. Nakikisabay ako para makakuha ng latest scoops. Parang celebrity na rin kasi sila. Eligible men at the prime of their lives! Nakaka-addict tuloy ang mga tsismis!” kinikilig na sabi nito.

“Siguro sing-haba ng listahan ng mga utang ang dami ng ex-girlfriends n’un,” komento ng pangalawang boses.

Magkahalong amusement at casual dismissal ang kanina pa nararamdaman ni Jacobo para sa first voice. Obvious na starstruck ito sa image ng mga tulad niyang CEO. Pero iba iyong pangalawa. She was sarcastic. And indifferent. Not at all the usual reaction he got whenever his name was mentioned. Tuluyan nang nakinig si Jacobo sa dalawa. He knew it was rude but for the first time in months, he was entertained and curious as hell.

“At least ex na, hindi current. And ever since Del Lupo got married, they’ve been calling J. Lorenzo the new playboy CEO. Especially lately, dahil laging ibang babae ang kasama niya bawat buwan.”

*Playboy?* But what did he expect? He was a media darling. It was no surprise na mga social exploits niya ang pag-uusapan ng mga ito.

“I’m sure di ’yan marunong mag-commit. At malamang, spoiled. Tulad ng maraming mayayaman. Sanay sa pera, eh. Hindi naman niya pinaghirapan.”

Napataas ang mga kilay ng binata nang marinig iyon. He didn’t know na ganoon na pala kalala ang playboy image niya, to the extent na maku-question ang kanyang work ethics.

“Di naman siguro!” buong-pusong pagtutol ng kausap.

“Oo, ’no.”

“Hindi naman siguro...”

“Oo, ’no. Spoiled siya. At mayabang. At kung guwapo man, mas sukdulan pa siguro ang yabang. Conceited to the highest power. Sana lang may sense siya at may alam talaga sa trabaho niya. Baka conceited na nga, wala pang alam.”

*Conceited? To the highest power?* He'd been called many things, pero this was the first time na may nanlait sa kanya na hindi niya alam kung ano ang ginawa niya to earn the insult in the first place. Sigurado siyang hindi pa sila nagkakilala nito. So, bakit mukhang mainit ang dugo ng babae sa kanya?

*Interesting*, isip ni Jacobo.

“Ha, bakit mo naman nasabi ’yan?” tanong ng kausap nito. Halatang napalitan na ng panghihinayang at lungkot ang kaninang excitement at kilig sa boses nito. “Di naman siguro, Rachel. Matagal na rin siyang CEO ng company, hindi ba?”

So, sambit ni Jacobo sa sarili. Now, he had a name to go with the voice.

*Rachel. Huh. Conceited... at walang alam pala, ha, Rachel?*

“Malay mo dahil lang sa pangalan kaya nand’yan siya! ’Tapos, isang hard-working assistant lang ang gumagawa ng lahat ng trabaho niya. Para mapagtakpan ang low-level brain cells niya. Parang ’yung bagong designer lang sa marketing ’yan, eh. May joint campaign kasi ng departments. ’Tapos, ako ang ipinadala ni Mrs. Carreon.”

“Wow, ha! Lakas din ng loob ng boss mo na

ikaw ang ipadala. So, either gusto niyang makipag-socialize ka with teams from other departments o tingin niya, social butterfly ka?”

“Hindi, 'no. Umiikot sa aming lahat 'yun. Nagkataon lang na turn ko na,” sagot ni Rachel.

“Kaya pala. O, 'tapos, ano'ng nangyari d'un sa designer?”

“Hay, grabe. Slowness. As in one hundred years of solitude ang drama niya. A hundred years. Ganoon siya kakupad kumilos.”

Tumawa ulit ang una. “Grabe naman. Bakit na-hire?”

“Urgent raw kasi 'yung position, eh. 'Tapos ngayon, my goodness, grabe. Minsan, naiisip ko, ang slow talaga ng mga lalaki. Sobra. Parang 'yung ginawa ng designer na 'yun d'un sa isang project. Sinabi ko sa kanya na tanggalin 'yung orange na background sa posters. Nawala nga.”

“O, natanggal naman pala niya. Ano'ng problema?”

“Palitan ba naman ng red! Saang universe nakasulat na kapag may nagsabing tanggalin ang orange, red ang ipapalit? Default ba 'yun? Hindi, di

ba? Hindi! Grabe! Ang slow lang!”

Jacobo found himself horrified as well. Bakit sila nagha-hire ng ganoon? First thing tomorrow, he would talk to HR and heads would definitely roll.

Tawa ulit iyong isa. “Grabe nga ’yan. Pero baka visual lang talaga siyang tao.”

“Anong visual? Naglagay ng mukha d’un sa isang marketing campaign. Guess what?”

“Mali ’yung expression sa mukha? Nakangiti ’yung mukha na para sa isang cancer campaign? Ganoon? O hindi focused ’yung shot? Malabo?”

“Malabo. Malabo talaga dahil hindi pantay ’yung mga mata n’ung taong nasa campaign!”

“Ha?” Tawa pa. “Bakit? Bakit raw?” tanong ng kausap nito na tila mauutas sa katatawa.

Jacobo was also surprised to find himself laughing a little. Tinapunan siya ng tingin ni Billie, halatang nagtataka. He just smiled and pretended to read the files in front of him.

Hindi napansin ng binata na it was the first time in months na natawa siya nang ganoon, ng bigla, nang hindi pamilya niya ang kausap. That he was laughing because of a stranger. Pero napansin iyon

ni Billie.

“Akala raw niya pantay na. Hello? May ruler naman sa *Photoshop*! Pinaulit ko na lang.”

Tawa ulit. “At least mukhang mabait pa ang pagkakasabi mo sa kanya. That’s an improvement, Rachel O. Knowing you,” makahulugang sabi ng kausap nito.

“Baka kapag kasi sabihan ko ng ‘utak-ipis lang ang gagawa ng ganyang trabaho, kaya ayusin mo’... baka lalong mawalan ng morale. Besides, mabait siya, slow lang talaga. Though, the next day, he was fired na rin, so I guess HR took care of the problem.”

“Mabuti na rin naman pala. Baka hindi talaga siya for that job.”

*Well*, Jacobo thought. That was better. Akala ng binata ang una niyang gagawin pagkatapos ng meeting was to fire people. It was good to know na kahit may nakalusot na ganoon, naaayos din pala ng HR nila in a satisfactory manner.

“Oo nga. Pero grabe, stress talaga. Lalo na, parang andami nila, andaming slow. Andaming dense na lalaki sa mundo. Kaya ako, hindang-hindi ako papatol sa slow. O walang pinag-aralan. O mababa ang scores n’ung college.”

“Ano’ng gusto mo, bigyan ka nila ng test scores nila on the first date?”

“Basta, ayoko d’un sa walang pinag-aralan. Maghahara-kiri lang ang brain cells ko.”

Tumawa muli ang kausap nito. “Ayan ka na naman! Paano kung mahal mo naman!”

“Excuse me, hindi na-i-in love sa walang brains ’to. Sayang lang standards ko, ’no.”

And Jacobo discovered that he was intrigued, wondering kung anong klaseng standards ba mayroon si Rachel. Standards sa buhay. Standards sa work. Standards sa bedroom...

Humalakhak ulit ang kausap nito. “Huwag kang magsalita ng ganyan. Baka kainin mo lahat ’yan, Rachel O.”

“Hindi. Hinding-hinding-hindi,” kumpirma ni Rachel.

*Is that so?* isip ni Jacobo? Against his better judgment, he could feel himself getting more curious—and challenged—about the second voice, and its mysterious owner.

“Otherwise, itatakwil ako ng pamilya ko.” Ito ang tumawa sa pagkakataong iyon. “Hindi pwedeng

mahaluan ng bobong genes ang pamilya namin.”

“Sus, bahala ka nga. 'Ayan ka na naman. You and your katarayan at work.”

“Kaya nga, eh. At work. Habang 'yung iba, pati 'yung boss natin, wala pa. Ang tagal naman ng meeting na 'to. Anong oras ba sila darating?”

Jacobo's brows rose at that. Wow, talagang matapang ang isang ito. Siguro, bagong promote ito sa managerial team nila kaya ngayon lang niya ito narinig.

“Actually, maaga nga rin kasi tayo.”

“So? Boss siya. He should be the first one here. That would set the right tone, di ba?”

“Siyempre boss, eh, baka busy sa buhay.”

“Tingnan mo, late pa siguro 'yang crush mo. Tsk, ayoko pa naman sa lahat, mga lalaking late. Nagpapa-grand entrance. Siguro bading 'yang si J. Lorenzo.”

Parang nabilaukan ang binata pagkadinig niyon. He'd heard plenty of speculations about him—conceited, brilliant, player, prankster—but never *that*. That one, by far, was the most outrageous rumor na narinig niya.

“Nye, eh, paano siya naging playboy?”

“Kaya nga playboy kasi baka he plays with boys,” pilyang sagot ni Rachel.

“Hay, naku! Hay naku, Rachel!” exclaim ng kausap nito na parang naeskandalo. “Kung ano-ano na lang ang reklamo mo sa kanya! Hindi mo pa nga nakikita. Baka one of these days, marinig ko na lang na may crush ka na rin sa kanya, sige ka!” banta nito.

“Hello? Ang daming ganoon sa showbiz. Ang sigurado nga lang ako na lalaki sa mga celebrities, eh, sina Richard Gomez at Coco Martin. Si FPJ. Si Dolfy. Marami d’yan, masyadong pa-pretty. Hindi ka na tuloy sure.”

Natawa ang unang boses. “Bakit si Coco lang ang medyo bata sa line-up ng matinee idols mo? Napaghahalata tuloy ang edad mo!”

“I’m thirty-two, hindi fifty-two! ’Tsaka bata pa si Richard, ’no. And he’s hot.”

Thirty-two. Two years lang pala ang tanda niya rito, isip ni Jacobo. Still young.

After all, mas uso na ngayon for working women to marry in their 30s and have babies even in their 40s, thanks to modern advances in maternal care.

Patuloy pa sanang makikinig ang binata sa conversation nang hindi sinasadyang matabig ni Billie ang pinto sa conference room mula sa side ng CEO's office. Sumara tuloy iyon.

Natigilan ang tatlo. Si Rachel at ang kasama nito sa pagkukuwentuhan, at si Jacobo, sa pakikinig.

“Parang galing doon?” sabi ni Rachel sabay turo sa pinto.

“Ah, siguro nag-lock lang?”

“Ngayon lang? Kahit kanina pa tayo dito?”

“Siguro, may problema sa hinges.”

“P’wede,” sagot ni Rachel. She wasn’t entirely convinced about that pero hinayaan na lang niya. Ingay lang naman sa pinto.

*What could be dangerous about that?* pagwawalang-bahala ni Rachel O.

Ilang sandali lamang at nagsimula na ring magdatingan ang iba pang department heads at members ng managerial team sa conference room.

*Buti naman. Sana matapos agad ang meeting,* isip ni Rachel O.

---

Jacobo couldn't remember the last time he'd been as intrigued as he was now.

*Especially over a woman, isip niya.*

That Rachel sounded so full of challenge, so full of... life, it was hard not to be curious. Sinipat niya ang listahan ng mga employees attending the meeting. He stopped when he found what he was looking for.

Osorde, Rachel.

*So that's what the O stood for. Her last name.*

*She's also my Program Director for the literacy program. Works at The Lorenzo Foundation. Excellent skills as a program coordinator...*

So, Miss Men-Are-All-Idiots was a program coordinator, a teacher. Lalong tumindi ang curiosity ni Jacobo rito.

Paano ito naging teacher ng mga hindi marunong bumasa at sumulat, with her fiery personality? She had such a sharp tongue. Efficient kaya ito sa posisyon nito? Maybe she was just another power tripper. Kawawa naman ang mga program participants nila kung ganoon.

*And maybe you're just a little bit offended, Jacobo.*

*After all, nilait-lait ka niya.*

*And she did it so well, di ba? Who's to say hindi niya ginagan'un ang mga katrabaho niya?*

His ego was strong enough to handle a sharp-tongued program director and coordinator, he told himself. But his curiosity wasn't. Gusto niya pang makilala ang babae. Not through work though. After hearing that conversation between Rachel and the other woman, sigurado siyang ilag na ito sa kanya. So, how?

*It's not as if you could go to her class and pretend to be a student.*

*Wait. Why not?*

And for the first time since his best friend Ralph died last year, nakaramdam ng excitement si Jacobo.

There was nothing like the challenge of getting the best of someone who believed she's smarter than everyone else. Bumalik sa isip niya ang mga binitawang salita ni Rachel: "*Hinding-hindi ako papatol sa bobo. O walang pinag-aralan.*"

*Hinding-hindi?*

*We'll see about that,* nakangiting bulong ni Jacobo sa sarili.

## 2

Seated in the CEO's chair, Jacobo stared out the glass walls of his office. Panay skyrise condos, commercial buildings at highways ang view niya. Behind him was Billie, still fixing her reports.

"I'll just go and get something from the Chief Financial Officer's secretary," paalam nito sa kanya.

"Sure," sagot ni Jacobo. Sinundan niya ng tingin ang pinsan. He waited until she was out of the office before he picked up the phone for his private line. Saka niya ipinasok sa entry bar ng system ang direct code para sa Security Operations Department.

"This is J. Lorenzo. I need the security dossier we keep on a certain Rachel Osorde."

"Right away, Sir."

"Send the file to my private email. Thanks. And another thing..."

---

Bumalik na rin si Billie after nearly twenty minutes.

“Sorry, it took as long as that to get the documents,” sabi nito.

“No problem. I’ve been busy myself.”

“Busy with what? Did I leave anything out?”

“No, Billie. Just a small labor relations problem. Nothing for you to worry about,” sabi ni Jacobo habang ina-assure ito. “So, are you ready?”

“Ready when you are,” nakangiting tugon ni Billie.

Binuksan ng binata ang pinto ng conference room, with her behind him. Dumerecho ang babae sa upuan na nasa likod ng executive chair at the head of the long conference table.

Habang papunta roon, sinipat ni Billie ang mga taong nakapaligid sa conference table. *Good, good, looks like everyone’s here. Wait—there’s a vacant chair. Whose chair could that be?*

She made sure to base the count sa list ng mga pupunta sa meeting. Wala rin siyang naalalang department head o staff na nagpasabing hindi makararating. Sa huli, nagpasya na lang siyang ipagpaliban muna ang pagve-verify ng identity ng nawawalang team member o department head.

Plenty of time to check later.

Mayamaya pa, sinimulan na ni Jacobo ang meeting.

---

After nearly an hour, there was Rachel, rushing to the elevators.

Pabalik na siya ng executive floor. There were six elevators. Nang pipindutin na niya ang button for going up, bumukas naman ang isa sa bandang kaliwa niya.

She saw Arlene, ang kausap niya kanina sa conference room. Hinila nito ang braso niya kaya napasakay na rin siya ng elevator. Nang makalabas na lahat ng ibang tao, hindi na nakapagpigil ang kaibigan na mang-usisa.

“Saan ka ba nagpunta, Rachel? Tapos na ang meeting!”

“Medyo nahulaan ko nga. Ang laki mong clue, eh.”

“Anyare, Rach?” kunot-noong tanong nito.

“Ewan ko ba! I don’t really get it myself. Ipinatawag ako ng Chief of Security—”

“Ha? Eh, di ba mga security risks lang ang ipinapatawag doon?” namimilog ang mga mata na usisa ni Arlene.

“Yun nga. Dahil raw sa past connection ko. Dati kasing nagbalak sumama sa *NPA* 'yung best friend ko n'ung high school. You remember Bebang?”

“Ha? The tall, tsinita girl? 'Yung kamukha ni Ruffa Mae Quinto pero mas maliit ng 'onti 'yung boobs? That Bebang?”

“Oo, si Bebang nga 'yun!”

“Oohh. Pero muntik lang namang sumama. Ano'ng problema doon?”

“Kasi baka may covert ties pa raw ako to the group. P'wedeng idineclare ko lang na muntikan lang na sumama si Bebang—excuse me, Beverly—na hindi siya natuloy. Pero p'wedeng patuloy pa rin ang komunikasyon niya sa mga taong nandoon. 'Tapos, doon papasok ang connection niya to me. Considering my proximity to the CEO, sensitive raw na position 'yun. I got the feeling na ayaw nilang someone with my shady connections—shady!!!—ay makalapit sa CEO,” pagtatapos ni Rachel sa kuwento na parang hindi pa rin makapaniwala sa nangyari.

“Wow, unbelievable!” bulong ni Arlene.

“Di ba?” singhal niya, na nainis na naman.

“I mean, unbelievable na papasok si Bebang sa ganoon. Ang ganda kaya niya!”

“Ano ba? Nagkakasiraan na ng dangal dito, ’tapos d’yan ka may hang-up? So kung pangit si Bebang, okay lang mag-NPA, ganoon?”

“Hindi sa ganoon! Ang ibig kong sabihin—oo, unbelievable! Unbelievable nga talaga na ganyanin ka nila dahil lang sa probable connection mo sa isang terorista!”

“Kanina security risk lang, ngayon terorista na? Hindi terorista ang kaibigan ko! Arlene naman!” Dahil sa emosyon, medyo napataas ang boses niya.

“Rachel O! Hinay-hinay lang, ang puso mo! Remember, nakadikit lang ng kanin ’yan!” natatawang pakli ni Arlene habang tutop ng isang kamay ang dibdib.

Tumingin lang dito si Rachel, damang-dama pa rin ang injustice na nangyari sa kanya.

“I think I was so insulted that I had to say that if they were really, really, really doing their jobs, they would know my complete background, considering tatlong taon na ako sa kumpanya. Kung all this time,

may ties ako to the *NPA* or to other rebel groups...” Tumataas na naman ang boses ni Rachel O. “... they would know kung isa akong security threat sa lahat ng naging boss ko while I worked my way to where I am now. If they didn’t, they should! Otherwise, that’s just incompetent! And stupid!” sabi niya na nanlilisik ang mga mata sa matinding emosyon.

“There, there, at least tapos na,” alo ni Arlene.

Sa huli, hinayaan na lang siya nitong maglabas ng kanyang sama ng loob.

---

“So they thought you had ties to terrorist groups. Wow, I love your connections. Abot na sa criminal class.” At tumawa pa si Abby.

“Connections talaga, eh, ’no? So dapat ma-flatter pa ako, ganoon?” tugon ni Rachel O sa kaibigan.

“Ay, oo nga, ano? Muntik na palang mag-*NPA* si Bebang? Grabe, nakakatakot!” sambit ni Lulu sa bandang likuran niya.

Kunot-noong lumingon at napatitig dito si Rachel O.

“Kosa, matagal mo nang alam na muntik nang mag-*NPA* si Bebang. Kung makapag-react ka d’yan,

akala mo ngayon mo lang nalaman!” umiiling na komento niya.

“Haha, ang weirdo naman ng security n’yo,” ani Abby.

“Well, apparently! Parang nantrip lang, eh,” inis niyang sabi.

“Tsaka bakit ngayon lang? Di ba dapat dati ka pa nila tinanong tungkol d’yan?” tanong pa ni Abby.

“Baka dahil kaka-promote mo lang early this year?” bigay-paliwanag ni Lulu sa kanila.

“Naisip ko rin ’yan, Kosa. Baka nga kasi mas malapit na ngayon ang position ko sa CEO. Plus, bagong boss pa, so may dala din siyang mga bagong tao—siguro mga dati na niyang bodyguards—sa security team. Kaya ganyan ka-strict.”

“Ikaw ba naman, nasa top five ng Wealthiest Filipinos in the World, eh,” Abby said.

“Buti hindi ka na-strip search n’ung mga body guards,” seryosong sabi ni Lulu.

Nganga si Rachel O sa kaibigan.

“Anong buti hindi? So talagang tanggap na tanggap mo? Dapat talaga hindi!” ngitngit niya.

Tumawa si Abby. “Ano ka ba, style lang ’yan ni Lulu. Ang gusto niya talagang sabihin, ’nubayan, wala man lang strip search? Ang boring naman,” hirit ni Abby.

Lulu nodded, before saying, “Oo nga, medyo na-disappoint ako, Rachel O. Kulang sa excitement ’yung kuwento, parang hindi ikaw.”

“Ay, sorry kung boring ang buhay ko, ha? Next time, kuha ako ng plot sa mga telenovela para naman maligayahan kayo.”

“Okay lang, we won’t hold this against you, O,” sabi ni Abby. As usual, ‘O’ lang ang tawag nito sa kanya.

“Wow thanks, ha,” sarkastikong sabi ni Rachel O.

---

*Two weeks later...*

“As a result, we’ve eliminated any possibility of a security risk from the employee, Sir. And though she still keeps in contact with the said rebel, all communications between them have been personal in nature, nothing that would warrant the attention of this office,” sabi ng Chief of Security ng *Lorenzo Group*.

“Thank you for your quick and timely attention on this matter, Mr. Rivero,” tugon ni Jacobo.

“Do you want us to monitor her further?” tanong ng kausap.

“No need. That will be all. Salamat.”

“No problem, Sir,” sagot nito, saka tumayo at lumabas ng executive conference room.

Naabutan ni Billie ang officer na palabas na ng pinto. Dumerecho ang dalaga sa office ni Jacobo. He was seated at his desk, his back to her. Nakatingin sa labas.

“What was that about? I just saw someone from our security team walk out of here,” usisa ng pinsan.

Sa pamilya nila, kilala nilang lahat ang members ng kanilang security team. That way, hindi sila malilinlang kung sakaling may ibang magpanggap na miyembro ng security team nila.

Iwas-kidnap. Iwas-ambush. After all, maraming beses na rin, for other wealthy families in the country, na members ng security teams ang nagiging leak kaya nananakawan o nakikidnap.

“Jacobo? Is it something serious?” tanong ni Billie, nag-aalala.

Humarap si Jacobo rito. "It's not what you think, Billie. Chill, cousin."

Nang makitang hindi pa rin nagbabago ang expression ng babae, idinagdag niya, "I am not in any danger, no one is threatening me, o anupaman." Malumanay ang tono ng boses niya, halatang kinakampante ang kalooban ng pinsan para hindi ito mag-alala.

"Whew. Okay. Sige. Mabuti naman. Pero kung hindi 'yun personal, that leaves work. Baka makatulong ako kung sasabihin mo sa akin," Billie said.

"It's nothing I can't handle," Jacobo returned. He smiled when he said that, thinking of a certain woman in particular. "Well, except for one thing."

"Yes? Ano 'yun?"

"You'd need to handle the paperwork of this office—"

"I already handle the paperwork of this office."

"While I'm gone," pagtatapos ng binata.

"While you're gone?" gulat na ulit ng pinsan. "Yes! Sure! No problem, cousin! Stay away for as long as you like!"

“Kung maka-yes ka, akala mo naman ngayon lang ako magbabakasyon. Excited?” natatawang komento ni Jacobo. “This probably won’t take long,” he added. “A few weeks. A month, at most. Nasabi ko na sa family, sa company, sa board. And don’t worry, nasabihan ko na rin si Andres to help you out kaya wala nang problema.”

Pagkatapos, tumayo na siya, nag-inat-inat at saka inayos ang fit ng kanyang suit jacket.

“Andres? The marketing director?” paniniguro ni Billie.

“Yes, he’s been with the company for years. I’ve also advanced work for nearly a month. Reviewed, approved and rejected proposals. Nasa desk ko lahat. So, anything else that’s urgent, send it to my email,” bilin niya sa pinsan.

“Walang problema sa trabaho. So, may plans ka na ba kung saan ka magbabakasyon, cousin?”

“Somewhere fun, I hope,” sabi ni Jacobo. He was already on his way to the door.

“Jacobob?” tawag ni Billie. “Ingat ka.”

Nasa tapat na ng pinto noon ang lalaki. Binuksan niya iyon bago siya lumingon. “Sure. Wish me luck,

*Somethin' Stupid - Tabitha Luna*

---

cousin,” sabi niya. Then he smiled at Billie and walked out.

### 3

Pagdating ni Rachel O sa opisina, agad niyang nakita ang package sa desk niya. By special delivery, from the head office.

Paperwork pala para sa isang program applicant. Signed with approval. Na-process na lahat ng kailangan.

Pinagmasdan niyang mabuti ang package habang sinisipsip ang dulo ng kanyang ballpen. While usual na makatanggap sila ng processed paperwork mula sa head office, kakaiba ang isang ito dahil may personal recommendation pang nakalakip mula sa main office.

Special case daw. Kung puwedeng siya mismo ang mag-handle at huwag nang ipaubaya sa ibang program coordinators. Since si Rachel O ang Program Director, may liberty siya na pumili ng mga program applicants niya o ng mga programs mismo na ihandle niya.

Pero this time, mukhang wala siyang choice. *Ano nama'ng masama kung siya ang mag-handle ng special case na ito?*

Ibinaba niya saglit ang ballpen mula sa bibig.

*APPLICATION REGISTRATION INFORMATION*

*NAME: Mr. Jacobo Ilustre*

*OCCUPATION: Coffee shop waiter.*

*NOTES: Illiterate.*

*PROGRAM OUTLINE: Train to read and write.*

*May personal information nga, wala namang photo na kasama.*

Di bale, makikita rin naman niya ito soon. Isa pa, hindi naman mahalaga kung ano ang hitsura nito. Program participant ito, hindi ka-date, paalala niya sa sarili.

Ilang taon na rin si Rachel O sa kanyang trabaho. Marami din siyang kinailangang matutunan at pagdaanan bago siya naging Program Director. Writer, assistant program coordinator, coordinator, director. Pero sa lahat ng hinawakan niyang tungkulin, ang pagiging program coordinator ang naging pinaka-fulfilling para sa kanya: Ang pagiging teacher.

After all, literacy program ang hawak ni Rachel O. Hindi ito tulad ng ibang one-time events o efforts

ng *Lorenzo Foundation* na once or twice a year lang kung idaos. The literacy program was an ongoing program.

Talagang sinusubaybayan nila ang mga participants, mino-monitor ang kanilang progress, hindi lang sa loob ng program kundi pati sa labas nito.

Dito niya natutunang gumawa at mag-improve ng mga learning modules na ginagamit ng dalaga sa mga classes niya ngayon. Ang kaibahan lang nito sa mga klase sa schools, mas karaniwang matatanda na ang mga estudyante o program participants nila.

Mga hindi nakatapos ng pag-aaral, o hindi talaga nakapag-aral simula't simula pa. Mga maagang nagka-anak o nagkaroon ng responsibilidad sa buhay kaya mas pinili na lang na magtrabaho kaysa pumasok ng eskwela. Mga hindi talaga nagkaroon ng pagkakataon para pagtuunan ng pansin ang pagbabasa at pagsusulat.

At madalas, mga babae. Sad fact ng literacy rate, lalo na sa Pilipinas, na mas marami pa ring mga babae na hindi marunong bumasa at sumulat.

Kaya kung si Rachel O lang ang tatanungin, hindi man niya sinasadya, laging babae ang mga nasa programs na hina-handle niya, dahil sa tingin niya,

mga babae ang mas nangangailangan ng kanyang tulong.

Alam ng Managing Director ng *Lorenzo Foundation*—boss ni Rachel O na si Mrs. Carreon—na talagang mas gusto niyang mag-handle ng mga classes na puro babae.

Isa pa, alam ng lahat, lalo na ng mga nakasama na niya sa trabaho, na rare lumabas ang katarayan niya sa mga babae. Sa kung anong dahilan, parang especially reserved para sa mga lalaki ang talas ng dila niya.

Kaya curious siya nang ibigay sa kanya ang case ni Jacobo Ilustre. Ano ang nasa isang coffee shop waiter na kailangang program director pa na tulad niya ang personal na umasikaso ng training nito?

“Jacoboo,” sambit niya sa pangalan nito.

Malakas ang dating para kay Rachel O. Mahusay pumili ng pangalan ang magulang nito.

Matapos mabasa at ma-review ang lahat ng papeles, wala siyang nakitang kulang o out of place. Everything was in order. So bakit parang iba pa rin ang pakiramdam niya sa program participant na ito?

Idinouble-check niya, one last time, ang mga

papers. Pagkatapos, pinatawagan na niya sa kanyang sekretarya ang aplikante para makapagpa-schedule na ng meeting.

Ikot ang unang session nila sa orientation.

Kung paano at gaano katagal ang program, kung ano ang magiging expectations ng *Lorenzo Foundation* kay Mr. Ilustre, kung ano sa mga expectations ni Mr. Ilustre ang maaaring matupad, mga puwede at hindi puwedeng gawin ng isang program participant habang active ang period ng participation nito. At marami pang iba.

“Hi, Miss Rachel, two p.m. raw po, Monday. Sa Ortigas,” sabi ng kanyang sekretaryang si Marian.

“Salamat. Wala na siyang ibang sinabi?”

“Wala po. Na-deliver na rin pala 'yung files sa Barrameda program.”

“Ah, sige, akin na.” At nasubsob na siya sa trabaho.

---

*Monday. Two p.m. Ortigas.*

“Yes?”

“Hi, Miss Rachel? Si Marian po ito,” sabi ng

sekretarya niya nang sagutin niya ang tawag. “Nag-cancel po si Mr. Ilustre. Nagpapa-reschedule po siya.”

“Ano?” gulat na tanong ni Rachel O.

Hindi kasi usual na mag-cancel ang isang program applicant. Isa pa, napaka-unprofessional ng dating nito. Last minute kung magpabago ng schedule, lalo’t narito na siya sa meet-up place nila.

“Bakit raw?”

“May emergency raw po siya bigla,” sagot ng sekretarya.

“Fine. Sige, sige. I-reschedule mo na. Dederecho na lang ako sa *Medina Head Office* to discuss their literacy program proposal.”

“Sige po, Miss Rachel.”

---

*Wednesday. Ten a.m. Makati.*

“Miss Rachel?”

“Marian? Nasaan na naman si Mr. Ilustre?”

“Naku, Miss Rachel. Nagpapa-adjust po siya ng oras. P’wede raw po ba kayo ng one p.m. na lang?”

“Dito rin?” tanong niya. Hindi pa man niya

nakikita, kumukulo na ang dugo niya para rito.

*Jacobo Ilustre, may araw ka rin sa 'kin.*

Kaya naman pala special case ito. Special din ang level at quality ng konsumisyon na dala nito.

*Sabi na eh*, isip ni Rachel O. Dalawang bagay lang ang ibig sabihin kapag ipinapasa sa kanya ang isang special case. Either sobrang galing o sobrang pasaway ng program participant.

Iyong magagaling, understood na iyon kung bakit ibinibigay sa kanya. Kaya niyang mag-adjust ng modules para mas bagay at akma ang mga ito para sa mga nasa programa na hawak niya, lalo para sa fast learners.

Pero iyong mga pasaway? Puwedeng dahil may reputasyon siya for being a great handler? Dahil marami na rin siyang napatinong participants dala ng strictness niya pagdating sa programs?

O, dahil malakas lang talaga mang-trip ang contact nila sa head office kaya sa kanya ibinigay ito.

Wala sa file ni Jacobo na pasaway pala ito.

“Sa Ortigas na lang daw po, Miss Rachel, kung okay lang raw sa inyo? Kung hindi, sa Q.C. raw po?”

“Q.C.? Alam naman niyang Makati ang original na— fine, fine, just get him to finalize it then call me with the details. Thanks, Marian.”

Nang hapon na iyon, hindi rin dumating si Mr. Ilustre sa napagkasunduan nilang oras. Namuti na ang mga mata ni Rachel O sa kahihintay pero ni anino nito ay hindi niya nakita.

---

*Friday. Two p.m. Quezon City.*

“Tell him na hindi na ako maghihintay sa kanya dito. That’s final.”

Mukha na talaga siyang tanga rito.

Hindi na naman nagpakita ang lalaki. Malapit na niyang isipin na talagang napagtripan lang siya ng kung sinong nagpadala ng case paperwork nito sa kanya.

*Totoong tao ba ito o hindi? Asar na asar na si Rachel O.*

Baka naman sumpa na ito sa kanya. Sa dami ng mga lalaking nabara niya, binara niya at babarahin pa lang in the future, baka ito na ang cosmic karma sa kanya. Na paglaruan ng lalaking ito ang schedule niya, ang oras niya, na pagurin siya nito sa pagpunta

at muli't muling pagpayag niya sa mga adjustments nito.

Namalayan na lang ng dalagang kagat-kagat na naman niya ang dulo ng kanyang ballpen.

*Mukhang made-deform na naman ang isang ito, inis na sabi niya sa sarili. Lately, marami-rami na rin siyang ballpen na naisakripisyo. Dahil lang sa stress na dala ni Jacobo Ilustre.*

Baka naman pangit ito kaya hindi nagpapakita?

*At bakit concern 'yun? Hindi naman Mr. Pogi itong sinalihan niya kundi literacy program!*

Siguro, hobby nitong mag-cancel ng meetings?

*Ganoon? Eh, di i-cancel na lang niya ang buhay niya nang hindi siya nakakaperwisyo ng iba!*

O kaya naman talagang masamang tao lang ito.

*Walang magawa sa buhay, walang konsiderasyon sa oras ng iba—walang breeding, walang pakialam, walang hiya, walang kuwenta, wala! Wala! Wala—*

“Ah, Miss?”

“Ano!” singhal niya sa nagtanong.

Hindi niya namalayang may nakatayo na pala sa

tabi ng table niya. Hindi siya nag-angat ng mukha, sa sobrang ngitngit at inis.

*Napakapangit talaga ng pakita nitong lalaking 'to! No wonder—*

“Miss, okay ka ba?”

“Ano naman sa 'yo kung okay ako o hindi?” tanong niya nang nakataas ang kilay. Dito niya naibaling ang inis para sa lalaking hindi pa man niya nakikita ay ilang araw nang nagbibigay ng sakit ng ulo sa kanya.

“Bakit? Nakiki-decide ka?” At the moment, the last thing she wanted to see was another member of the male species.

“Miss Rachel?” tanong nito sa kanya.

Nakatayo pa rin ito sa tabi ng table niya.

*Ang kulit mo ha,* irritated na sabi ni Rachel O sa isip.

Hindi pa ba sapat na nakukunsumi na siya sa isang lalaki? Kailangang may isa pa?

*My god, they're everywhere.*

It took a few moments to register sa isip ni Rachel Ona may tinawag itong pangalan.

*Somethin' Stupid - Tabitha Luna*

---

*Rachel.*

Slowly, she looked up. Wide-eyed, she saw dark tsinito eyes beaming down at her.

## 4

The man reached out a hand to her.

Automatic naman na kinamayan ito ni Rachel O. His hand was warm. And big. He had long, lean fingers. His handshake was firm.

And he was tall, almost 6'1".

*So, ka-genes pala ito ni Lulu*, isip niya habang naaalala ang matangkad na kaibigan. Kailangan niyang tumingala talaga para lang magtama ang tingin nila ng lalaki.

*At long last, the ever elusive Mr. Jacobo Ilustre. In the flesh*, nasabi ni Rachel sa sarili.

*He certainly has a strong face*, isip pa niya. Slashing cheekbones. Dark, tsinito eyes. Full lips. A straight nose.

At ang kulay nito? Hindi lang basta brown kundi bronze. Yummy bronze. The perfect poster boy for 'Tall, Dark and Handsome'.

*Too bad mukhang dark din ang ugali. Either 'yun o from the dark ages ang manners nito*, nasabi ni Rachel habang iniisip ang mahabang listahan ng mga

kasalanan nito sa kanya.

“Ako si Jacobo Ilustre. P’wedeng maupo?”  
Nagsasalita na pala ang mokong.

“Sige,” aniya. Habang umuupo ito, ini-imagine  
ng dalaga na tinatapunan niya ng darts ang noo nito.

*Yan, bullseye.*

*O, isa pa!*

*Bullseye uli!*

*Yes!*

“Pasensya na at nahuli ako,” sabi ng lalaki.

Ilang araw ring sinanay ni Jacobo ang sarili na  
magsalita in straight Tagalog. Mabuti na lamang at  
fluent siya dahil sa parents niya. Otherwise, sira na  
agad ang kanyang pagpapanggap.

“Hindi agad ako nakaalis dahil sa trabaho. Sa  
susunod, susubukan ko talagang tumawag nang  
mas maaga. Pasensya na rin dahil ngayon lang  
ako nagkaroon ng oras. Ayaw kasing pumayag ng  
immediate supervisor ko. Pero sa boss ko, okay lang  
talaga,” dagdag pa ni Jacobo.

And all the while, habang pinagmamasdan si  
Rachel, he was thinking: *So this is the formidable*

*Rachel Osorde?*

“Ah, nagkakaproblema ka ba sa kanya? P’wedeng kausapin namin siya para hindi ka mahirapang lumiban sa trabaho.”

And all the while, ang iniisip ni Rachel: *Totoo kaya ang mga pinagsasabi nito? Na hindi siya pinapayagan sa trabaho kaya ngayon lang siya nakarating?*

Fine. Puwede niyang ipa-verify iyon kay Marian. Pero, for now, benefit of the doubt ang paiiralin niya.

*I’ll give you another chance, Mr. Ilustre, pasya ni Rachel O.*

“Hindi na kailangan. Nakausap na rin siya kanina ng boss namin kaya pinayagan na rin niya ako sa wakas,” sagot ng lalaki. And he smiled.

“Mabuti naman at naayos na. Sayang ’yung opportunity para sa ’yo kung sakali.”

*Sayang dahil muntik na kitang ilaglag sa program, isip ni Rachel O.*

*O mas sayang ba dahil sakaling inilaglag mo siya, hindi mo nalaman na ganito pala siya kaguwapo?*

*Bakit, kung guwapo ba siya, may mababago?*

*Wala.*

Kahit kailan, hindi naging factor ang looks para kay Rachel O. Mas mahalaga sa kanya ang IQ score.

“Mr. Ilustre, ako ang magha-handle ng case mo para sa entire period ng participation mo sa program.”

“Jacobobo na lang.”

“Okay, Jacobo. I’m Rachel.”

“Sorry talaga, Rachel,” sabi ni Jacobo. Nakangiti pa rin ito sa kanya.

Saglit na napatingin ang dalaga sa mga labi nito na sorry nang sorry nang sorry sa kanya, sa matangos nitong ilong, sa mga mata. Sa mukha nito, sa...

*Nakaka-distract naman.* Tumingin na lang uli siya sa noo nito. *That’s better.*

Sa paghingi nito ng tawad, bumalik uli ang inis ni Rachel O sa lalaki.

Kahit sabihin niyang handa siyang bigyan ito ng isa pang pagkakataon, mahirap pa ring kalimutan lahat ng delays, missed appointments at last-minute adjustments sa schedule.

Hindi lang ito basta nakangiti sa kanya ngayon, nakatitig pa. Halatang hinuhuli ang kanyang tingin.

*Sisimangot ba ako? O dedmahin ko na lang kaya? Ngingiti ba ako? Kung ngumiti ako, with teeth or no teeth? isip pa niya.*

*Fine. Kailangang maging mabait siya rito.*

'Tsaka, hindi nga ba't nangako siya sa sarili na iiwasan na niyang makipag-away? Na babawasan na niya ang pakikipagtalo, ang pagiging masungit?

Lately kasi, parang ang dami na niyang naririnig na cases ng high blood from family and friends. Thirty-two years old na rin siya, kailangang alagaan na niya ang katawan.

Kaya lang, ang hirap tumanggi sa chicharon. Sa Kare-Kare, Crispy Pata, Lechon Kawali... o sa cake, chocolates, cookies...

Isa pa, kulang din lagi sa tulog si Rachel. Ang hirap kasing hindi magpuyat, sa dami ng mga series (American, Japanese, Korean, etc.) na pinapanood at mina-marathon niya.

Kaya ang isang madaling solusyon na naisip niya para maging healthy was to control her temper. Bawas-bawasan ang taray, ang sungit, para mabawasan din ang konsumisyon niya sa buhay.

Less worries, more life, sabi nga nila. Kaya

mukhang kailangan niya munang ibaon lahat-lahat ng mga hinanakit niya kay Jacobo sa limot. *Sige, ngayon lang. One time lang.*

At saka niya sinalo ang tingin nito. Pinilit niya ang sariling ngumiti.

*No teeth, Rachel, paalala niya sa sarili. We're trying to make friends, after all.*

Kanina pa pinagmamasdan ni Jacobo ang kaharap. Tinatantya niya kung naniniwala ba si Rachel sa mga sinasabi niya o hindi.

*So far, so good. We're still in the game.*

At nang ngumiti nga si Rachel, kahit matipid at polite lang ang ngiti nito, napangiti pa nang husto si Jacobo. Kumbaga sa boxing, dinig na dinig niya ang bell sa ring.

*Round one goes to me, isip ni Jacobo.*

## 5

“After the orientation, p’wede na nating pag-usapan ang program flow. May dala akong mga modules na p’wede mong i-review.”

“Modules? Akala ko ba ikaw ang magtuturo sa akin?”

*Bakit ba marunong ka pa sa akin? Gusto mo ikaw na lang mag-umpisa nito? inis na sigaw ni Rachel O sa isip habang pinipigilan niya ang sariling magsalita. Kahit gustung-gusto na niya. Kahit parang namimilipit na ang dila niya sa pagtitimpi.*

Pero sige. Sige lang. Okay lang.

*Talaga? Okay lang?*

*Nangako akong magiging mas mapagpatawad sa mga tao, di ba? Na iiwas na ako sa away?*

*Pero ang sabi mo lang, hanggang sa makakaya mo. Titiisin mo ang ganitong mga tao hanggang sa makakaya mo, depensa niya.*

*Ibig bang sabihin nito, di ko siya kaya?*

*Siyempre kaya! Bakit naman hindi mo siya*

*kakayanin?*

*Exactly. Kaya, I'm good, I'm fine. Everything's cool. Chill lang. Baka excited lang ito. Baka ganito lang talaga ito sumagot. No need na magalit.*

No need at all.

---

“Mayroon,” ani Rachel O, at tipid na ngumiti kay Jacobo. “Mayroon naman akong mga modules na designed for one-on-one sessions. Pero para handa ka na sa first session natin next time, nag-prepare ako ng mga modules na maiuuwi mo. Para makapagsimula ka nang mag-review kahit pag-uwi mo mamaya.”

“Okay, ikaw ang bahala, ikaw ang boss,” sabi nito sabay ngiti na naman sa kanya.

At hindi alam ng dalaga kung bakit pero nakakaloko ang ngiti nito. Na parang may alam ang lalaki na hindi niya alam.

“Sige, kung may mga tanong ka, don't hesitate na tawagan ako sa opisina o sa cell phone ko,” paalala niya.

Ngumiti na naman ito sa kanya, na parang enjoy na enjoy sa mga nangyayari.

*Was he trying to charm me?*

Iniisip kaya ni Jacobo na kunin ang loob niya para lang makapasa sa program? Baka talagang sipsip lang ito?

*Teka, teka, nginitian ka lang, china-charm ka na? Sipsip na?*

O sige, fine. Baka naman bumabawi lang si Jacobo for all those times na hindi ito dumating sa meetings nila? Nakokonsyensya kaya ang peste? O baka talagang born-flirt lang ito.

*Born-flirt, laging late, pinapangunahan ang mga program coordinators sa mga modules, ngumingiti nang nakakaloko—*

“Rachel?”

Tinatawag na naman pala siya nito.

Ngumiti siya at inihanda ang sariling makipag-usap dito. Hindi niya maipaliwanag pero nararamdaman ni Rachel O na mukhang may parating na gulo sa buhay niya.

*Parating pa lang ba?*

At napasulyap siya kay Jacobo. Sa ngiti nito.

*O nandito na?*

Magiging constant sight pala ang ngiting iyon sa mga susunod pang pagkikita nila ni Mr. Ilustre.

“To check on how much you’ve learned from the modules, naghanda ako ng test. After this, malalaman natin kung nasa anong level ka na at maaari na tayong mag-design ng program na mas babagay sa reading skills mo,” paliwanag ni Rachel O kay Jacobo.

Kinuha nito ang exam booklet. Pinasadahan ng tingin ang mga pahina. One hundred items ang total.

“Mukhang marami, ah. Kailangan bang sagutan lahat ito?” tanong ni Jacobo sa kanya. As usual, nakangiti ito.

*O mas tama bang sabihing nakangisi ito? Hindi agad nakaimik si Rachel O. Sasagutan ba lahat?*

*Tinatanong pa ba ’yun?!*

*Sa school ba, p’wede kang pumili ng items na sasagutan mo, ha? Ha?! HA? Sagutin mo nga ako!*

“Oo, lahat,” tipid na sagot na lang ng dalaga kay Jacobo habang nginangatngat na naman siya ng inis. Madali na ngang uminit ang ulo niya, lagi pang pinaiiinit lalo ng lalaking ito.

*Sa laki ng populasyon ng Pilipinas, Lord, bakit siya pa?*

Kung ganitong klaseng estudyante ito dati, no wonder hindi ito nakatapos. Pinapatay siguro ng lalaki sa konsumisyon lahat ng naging teachers nito. Tuloy, hindi na nai-submit ng mga nasabing guro ang final grades.

Kaya bagsak lagi si Jacobo.

Dahil sa totoo lang, kahit di nito sabihin, alam ni Rachel O na hindi mahina ang utak ng lalaki. Halatang madiskarte ito. At kung madiskarte ang isang tao, eh, di hindi siya bobo.

Dahil ang diskarte, nangangailangan ng utak.

“Ay, wala na palang tinta ang ballpen ko,” inosenteng ngiti ng binata sa kanya.

*See how he does that? Smooth as a criminal.*

*Oh, no you don't, you lazy, rude, good for nothing nightmare,* bulong ni Rachel O sa sarili.

Bumuntong-hininga siya. Malalim na malalim.

Nakapikit.

Pagmulat niya, buong-tamis niyang nginitian ito habang may kinukuha mula sa kanyang bag.

“Ito, ito na lang ang gamitin mo, Jacobo,” ani Rachel, sabay abot dito ng ballpen niya. Bago iyon tuluyang iabot, sinipat-sipat niya muna ang hitsura ng ballpen. Maayos pa naman. Walang marka ng mga ipin niya.

*Nice.*

Mayamaya pa, naging busy na ang lalaki sa pagsagot. Naging abala naman siya sa paghahanda ng mga modules at materials na gagamitin nito. After twenty minutes, binalingan na niya si Jacobo. Nadismaya siya sa nakita. Nasa bibig na nito ang dulo ng kanyang ballpen.

“Excuse me, Mr. Ilustre?” tawag ni Rachel O. Hindi siya pinansin nito. “Jacobo?”

“Hmm?”

“Would you mind?” Polite pa rin at mahinahon ang boses niya. Pero obvious na ang inis sa tono ng dalaga. Halatang nagtitimpi.

*Na naman?* isip ni Jacobo. *Ang dali naman palang asarin nito,* natatawang pansin ng lalaki.

“Hmm? Ano ba ’yun?”

Tumingin si Rachel O dito nang masama. *Imagine na lang, Rachel. Imagine na ibinabalibag mo siya.*

*'Yan. Ganyan. That feels so much better, isip niya habang humihinga nang malalim.*

"Would you mind getting my pen out of your mouth?"

"Oh! Pasensya ka na, Rachel." At mabilis nitong tinanggal ang ballpen mula sa bibig. "Lagi ko 'yung nagagawa sa mga ballpen ko. Hindi ko nga napansing ginagawa ko na pala," paliwanag ni Jacobo.

Pero parang masyadong painosente ang mga mata nito. Na parang hindi talaga nito nakalimutan. Na parang nananadya lang talaga ito.

"Okay lang, wala namang problema sa akin," kaswal na sagot ng dalaga.

*Anong walang problema? usig niya sa sarili. Walang problema dahil walang efek sa 'yo o walang problema dahil gusto mo 'yung idea na may oral fixation siya? Na pareho kayong mahilig sumipsip ng mga dulo ng ballpen? And it makes you wonder kung ano pa ang inilalagay niya sa bibig niya kapag...*

*Hindi 'no. Naiinis nga ako dahil germs kaya 'yun. Hindi hygienic.*

*Pero romantic, di ba? Arousing? Sexually exciting?*

*Tama na, Rachel, sige na umayos ka na. 'Wag kang*

*makulit*, saway niya sa sarili.

Kung bakit naman kasi parang napaka-active ng imagination ng inner bad girl niya when she was around Jacobo. Just one more reason kung bakit naiinis siya sa lalaki.

Peste talaga.

*Tsk, tsk, tsk.*

---

Next session, tumawag ang lalaki.

“P’wede bang mag-cancel tayo ng session ngayon?” tanong ni Jacobo.

“Bakit?”

Ano na naman kayang excuse ang gagamitin nito? Family emergency? Ang walang kamatayang ‘death in the family’ excuse? May nasunugan? May nanakawan sa village nila? May baha? May delubyo?

Ano na naman?

“Birthday ko kasi,” sabi nito. At sa tono ng pananalita ni Jacobo, para bang obvious na lahat ng may birthday, may God-given right na hindi pumasok.

Na para bang may nilalapastangan siyang

karapatan kapag tumanggi siya, na hindi siya nagiging makatao kapag iginiit niyang may naka-schedule silang session ngayon. Na para bang siya na ang pinaka-killjoy na tao sa lahat ng mga killjoy na nabuhay at nabubuhay at mabubuhay pa sa mundo.

“Sandali lang naman tayo, mga an hour, two hours at most,” nasabi na lang ng dalaga.

“Oo nga, pero birthday ko kasi.” Sa background, may naririnig pa yata si Rachel O na babae. Tinatawag ba nito si Jacobo?

“Ah, sige, kailangan ko nang umalis. I-reschedule na lang natin, Rachel. Salamat.”

Ibinaba ni Jacobo ang phone at pinatay ang TV sa likuran niya. He was grinning from ear to ear. Nasa condo siya. Hindi niya birthday at walang party. Pero ito ang birthday date na nakalagay sa papers niya nang pumasok siya sa program kaya might as well panindigan na niya, di ba? Isa pa, alam niyang maiinis si Rachel O kaya hindi siya pumasok ngayon.

Sa kabilang linya naman, wala nang narinig si Rachel O kundi dial tone. Mukhang nasa party si Jacobo. At may kasamang mga babae.

Baka lumabas ito pati ang mga kasama nito sa trabaho? Gumimik?

At bakit naman issue iyon?

*Ano'ng akala mo, puro lalaki sila doon? Bachelor's party? Dance partner nila ang isa't isa? Bro, Pare, sayaw tayo? Ganoon?*

*Kalma lang, Rachel. Isa-isahin nating mabuti ang issues mo.*

Una, absent ang lalaki.

Okay, hindi ito pumasok sa session nila. Based on his scores, advanced ang reading skills nito, higit sa inaakala niya noong una kaya walang problema roon.

Pangalawa, may mga babae ito.

*Okay. Fine. Good for him. That could be good for me, too.*

Kung puro lalaki lang ang kasama nito, may posibilidad na baka mas malaki pa ang problema niya dahil ibig sabihin noon, ayaw ni Jacobo ng *Miss Universe*, gusto rin nito ng *Mr. Pogi*.

Pangatlo, may birthday party ito.

At hindi siya invited.

Eh, sa hindi siya invited. Ano ang magagawa niya roon? Ano ang solusyon doon? Mag-party rin siyang mag-isa?

Isang malalim na buntong-hininga.

Pagkatapos, isinubsob na lamang ni Rachel O ang sarili sa trabaho. Ilang saglit pa bago niya naalala na simula noong makilala niya si Jacobo, ni minsan hindi pa niya ito tinawag o inisip na mahina ang utak o bobo.

*Hindi ba dapat kasama sa issues mo 'yan? Ano na lang ang sasabihin ng pamilya mo? Ng mama at papa mo when they find out about Jacobo? About his education... or lack of it?*

*Sasabihin nilang mabuti siyang tao, na malakas ang loob niya. Hindi nila mamatahin ang binata.*

*Sure ka? Paano ka nakasiguro?*

Dahil hindi bobo si Jacobo. Hindi man ito magaling bumasa at sumulat, pero hindi ito zero sa brainpower.

*Kung magaling talaga siya gaya ng sinasabi mo, bakit kasali siya sa program?*

Marami namang p'wedeng dahilan. Puwedeng hindi lang talaga nagkaroon o nabigyan ng pagkakataon noon. Basta, hindi utak ang problema ni Jacobo. Hindi slow ang utak nito.

Pero tamad ito. Pilyo.

Tulad noong una, may makukulit na tanong ang lalaki, mga walang kuwentang tanong na pakiramdam niya, alam na rin naman nito ang sagot. Pero tinatanong pa siya.

Puwedeng kino-confirm lang talaga nito ang sagot. Puwede talaga iyon. O puwedeng sinusubukan lang siya nito kung sasagot siya o hindi. Kung maiinis siya o hindi. Minsan kasi, nahuhuli niyang nakatingin ito sa kanya na parang natatawa.

*Pero, isip din ni Rachel O, wala naman siyang makukuha kung pagtitripan at lolokohin niya 'ko.*

Kaya pasok din talaga sa banga ang isang possibility: puwede ring gusto lang siyang kausap nito.

*Walang problema sa akin kung gusto niya lang akong makak'wentuhan. Kung siya ang tatanungin, gusto niya ang yabang ni Jacobo.*

Secure ito. Confident. A quality na madalas ay wala sa mga nagiging program participants nila.

Sa literacy programs na hawak ni Rachel, mas karaniwang mababa ang self-esteem ng mga participants. Nahihiya silang hindi sila gaanong nakakabasa at nakakasulat.

Pero iba si Jacobo. Sa bawat sessions nila, humahanga siya lalo rito. Natutuwa siyang pakinggan ang boses ng lalaki tuwing nagbabasa ng modules. Natutuwa siyang kasalo ito sa snacks o dinner. Natutuwa siyang kausap ito. Natutuwa siya.

*Pero mukhang ikaw lang ang natutuwa. At kahit matuwa ka, hindi ka pa rin invited sa party niya.*

*Sad, but true, sambit niya sa sarili.*

Mayamaya, pinilit na lang din ni Rachel O na makapagtrabaho. Sad na nga siya, di ba? Ayaw niyang matambakan pa siya ng trabaho sa kaiisip ng ibang tao.

*And there I go again, still thinking about him.*

*Damn it.*

She sighed and tried her best to work.